Pagbibiyaya Ayon sa Pagdedevocion at Pagsisiyam

Sa Cabanal-Banalang Ina ng Caliuanagan

Joseph Y. Haw Jr., S.J.

Panimula

Nasulat ang kasaysayan ng Sambayanang Kristiyano nang may pagtatangkang unawain at ipaunawa ang pananampalataya sa paraang makahulugan sa partikular na kultura at kalagayan. Sa bawat yugto ng kasaysayang ito, makikitang laging nakaugnay ang pagsasaling-wika sa pagpapalaganap ng pananampalataya at pagpapatubo nito sa kultura. *Dito po sa atin,* naging bukod tangi ang pagtatangka ng Misyon na ipalaganap ang pananampalataya sa wikang katutubo.[1]

Mula sa pagpapalimbag ng *Doctrina Christiana* noong 1593 hanggang sa sumapit ang ika-19 na siglo, ang pagsasalin ng mga panalangin at iba pang aklat-dasalan sa iba‘t-ibang wikang Pilipino ang isa sa mga pinagkaabalahan ng mga paring misyonero. Patunay rito ang paglaganap ng di-mabilang na mga aklat-dasalan at pagsisiyam na inilathala sa iba‘t-ibang pangkat-wika sa kapuluan ng Pilipinas. Masinop nilang isinalin sa katutubong wika ang mga panalangin at mga nilalaman ng pananampalatayang Kristiyano upang ito ay maituro at maunawaan ng mga katutubong Pilipino. Naging mabisa ang mga aklat-dasalang ito upang maitanim sa kalooban ng mga Pilipino ang mga pagpapahalaga at pananampalatayang

1 Tingnan ang salaysay sa Pedro Murillo Velarde, “Jesuit Missions in the Seventeenth Century,” nasa *The Philippine Islands: 1493 -1898*, pat. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, tomo 44 (Cleveland,Ohio: Clark Co., 1907), 36.

Kristiyano. Maituturing na ang pagsasaling-wikang ito ng mga aklat-dasalan ang isa sa mga nagdulot ng tagumpay sa gawain ng ebanghelisasyon sa Pilipinas.

Isa sa mga aklat-dasalang naisalin sa wikang Filipino ang *Pagdedevocion at Pagsisiyam sa Cabanal-banalang Virgen ng Caliuanagan,* isang debosyong laganap sa Cainta, Rizal hanggang sa kasalukuyan.[2] Natatangi ang aklat-dasalang ito sapagkat bukod sa pagsasalin ng mga panalanging napapatungkol sa Mahal na Birheng Maria ay may pagtatangka ring ipasa sa mga deboto ang isang buong katesismo ukol sa Pagbibiyaya alinsunod sa turo ng Trento. Natatangi rin ang aklat-dasalang ito sapagkat sumailalim ito sa pagsasaayos at pag-aangkop ng mismong mga deboto ng Cainta sa kanilang sariling pananalita at kaisipan. Makikita rito kung paanong inangkop, inari at tumubo sa pananaw ng mga Pilipino ang isang napakahalagang aspekto ng pananampalatayang Kristiyano--ang pagbibiyaya ng Diyos. Samakatwid, masasabing ang aklat-dasalang ito ay hindi lamang bunga ng pagsasaling-wika kundi paglikha rin at pagbubuo ng isang katutubong pananaw.

Sa sanaysay na ito, nais nating siyasatin kung paanong lumilitaw at ipinahahayag sa mga pahina ng *Pagdedevocion* ang buong dinamiko ng pagbibiyaya sa isang partikular na bahagi ng kasaysayan. Magkakaroon ng apat na bahagi ang sanaysay na ito. Sa unang bahagi, titingnan natin ang kalagayang pangkasaysayan ng *Pagdedevocion*. Nais natin

2 Mariano de San Juan, *Pagdedevocion at Pagsisiyam sa Cabanal-banalang Virgen ng Caliuanagan* (Manila: J. Martinez, 1927). Matatagpuan dito ang certifico ng eklesiastikal na pahintulot sa paglalathala noong 1884, kaya‘t ipagpapalagay na ang edisyong 1927 ay muling-lathala ng edisyong 1884. Gagamitin ang pinaikling pangalan na *Pagdedevocion* sa mga susunod na pagtukoy sa aklat-dasalang ito.

https://publications.lst.edu/

ditong mahinuha ang kalakaran ng panahong kanyang kinabibilangan lalung lalo na ang partikular na pag-unawa sa pagbibiyaya. Sa ikalawang bahagi, susuriin natin at pag-aaralan ang balangkas at nilalaman ng aklat-dasalan. Dito, nilalayon nating matagpuan sa mga pananalita, imahe, at mga partikular na panalangin kung paanong naisasalin at naipahahayag ng mga deboto ang kanilang paninindigan at pananaw sa pagbibiyaya. Titingnan naman sa ikatlong bahagi kung paanong inuugnay ang pagbibiyayang ito sa Mahal na Birheng Maria, na nilalapitan ng mga deboto bilang *Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan*. Panghuli, sisikapin natin lagumin ang ating mga nasiyasat at pagnilayan ang mga teolohikal na kabuluhan nito para sa mga Katolikong Pilipino ngayon.

Kalagayang Pangkasaysayan

Simulain

Matutunton ang simula ng debosyon kay Maria bilang Madonna della Luz sa kuwento ng isang larawan na ipinapinta ng isang paring Heswita na si Padre Giovanni Antonio Genovesi sa Palermo, Sicilia noong taong 1723.[3] Ayon sa kuwento, ninasa ni P. Giovanni Antonio Genovesi na magkaroon ng isang natatanging larawan ng Birheng Maria na magiging pintakasi niya sa kanyang pagmimisyon. Humingi siya ng tulong sa isang babaeng kilala bilang catoto ng Dios at tinutulungan ng Birheng Maria upang isangguni ang kanyang balakin at malaman kung ano ang kalooban ng Birhen. Ibinigay sa kanya ang kanyang kahilingan. Nagpakita ang Mahal na Birhen sa babaing ito: ubod siya ng ganda at ang buong

3 San Juan, *Pagdedevocion*, 10. Tingnan din ang Neuerberg, La Madre Santisima de la Luz.

katawan niya ay sumisinag ng maningning at maluwalhating liwanag. Pinaliligiran siya ng mga nagliliparang serafin at pinuputungan siya ng korona samantalang hawak-hawak niya sa kaliwang kamay ang sanggol na Hesus. Ang kanang kamay ng Mahal na Birhen ay nakatangan sa kamay ng isang taong tila sinasagip niya sa pagkakahulog sa bunganga ng dragon. Nakita rin niya ang isang anghel na may dala-dalang bakul-bakulang puno ng mga puso at dumudulog na paluhod sa paanan ng Birhen. Iniaalay ng angel ang mga puso sa batang Hesus. Isa-isa namang kinukuha ni Hesus ang mga pusong iniaalay at saka pinagniningas sa tunay na pag-ibig. Sinabi ng Mahal na Birhen sa babae na nais niyang tawagin bilang Cabanalbanalang Ina ng Caliuanagan at kung paano siya nagpakita ay ganito rin ang niloloob niyang larawan na gamitin sa pagmimisyon ng pari (tingnan sa apendiks I ang mga halimbawa ng ikonografia).

Nagbalik ang babae sa pari upang isalaysay ang pangit-ain at ang sinabi ng Birhen. Dahil sa kagustuhan ng pari na magawa kaagad ang larawan, agad na tumawag ito ng pintor upang isalaysay kung paano ipipinta ang larawan. Subalit hindi nasubaybayan ng pari at ng babae ang pagpinta sa larawan kaya‘t lumabas itong hindi tapat sa kanyang nasa. Nagpakita muli ang Birhen sa babae habang ito ay nasa labas ng Sicilia at ipinahiwatig na hindi siya natuwa sa larawan. Nawalan ng tinig ang babae at nagkaroon siya ng matinding sakit na hindi mabigyang lunas ng mga manggagamot. Sa kahulihulihan, ang tanging nagawa ng mga manggagamot ay payuhan siyang bumalik sa Sicilia upang kahit hindi gumaling ay mapalakas na lamang ng sariwang hangin.

Pagdating niya sa Sicilia, ikinagulat ng babae ang agad na paggaling ng kanyang karamdaman at pagbalik ng kanyang tinig. Ito ang nagpatibay sa kanyang kutob na

ang karamdaman niyang iyon ay ibinigay sa kanya upang maganap ang kalooban ng Birhen. Sa tulong ng babae, muling gumawa ng larawan ang pintor nang naaayon sa kagustuhan ng Birhen. Nang matapos ay nakita ng babae ang Mahal na Birhen na nakatingin sa larawan at ito'y kanyang binibindisyunan--tanda na ito ay kanyang kinalulugdan. Ayon sa kuwento, sa ginawang ito ng Birheng Maria, ang larawan ay nagkaroon ng kapangyarihan na makapagkakaloob ng mga biyaya ng mga pagbabago't pagsisisi sa kasalanan at iba't iba pang kagalingan.

Ang kuwentong ito ng pinagmulan ng larawan ng *Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan* ay unang isinulat sa wikang Italyano ni Padre Giuseppe Maria Genovesi.[4] Inilathala ito sa Palermo, Sicilia noong taong 1733 at 1734.[5] Isinalin naman ito ni P. Lucas Rincón sa wikang Español at inilathala sa Mexico noong taong 1737 sa pamagat na *Antidoto Contra Todo Mal*.[6] May dalawang tomo ang inilathala ni Rincón. Matatagpuan sa unang tomo ang pinagmulan ng larawan at pagdedebosyon kay Maria bilang Madre Santissima de la Luz. Kasama sa tomong ito ang kuwento ng mga himala at kababalaghan na kaugnay ng pagdedebosyon sa larawan. Nang sumunod na taon, inilathala naman ni Rincón ang ikalawang tomo na naglalaman naman ng mga panalangin at mga pagninilay.[7] Ang dalawang tomo na ito ni Rincón ang nakarating sa

4 Norman Neuerberg, La Madre Santisima de la Luz*, Journal of San Diego History* 41, blg. 2 (Spring 1995). http://www.sandiegohistory.org/journal/95spring/laluz.htm (kinuha noong Setyembre 20, 2008). Ipinagpapalagay ni Neuerberg na si Guiseppe Maria Genovesi (1681-1757) ay malapit na kaanak ni Giovanni Antonio Genovesi.

5 Enrique Giménez López, "La Devocion A La Madre Santisima de la Luz: Un aspecto de la represión del Jesuitismo en la España de Carlos III," *Revista de Historia Moderna*, blg. 15 (1996):214. http://rua.ua.es/dspace/bitstream/10045/4848/1/RHM_15_10.pdf (kinuha noong Setyembre 27, 2008).

6 Tingnan, talababa bilang 10 ng Neuerberg, "La Madre."

7 Tingnan, talababa bilang 14 ng Neuerberg, "La Madre."

https://publications.lst.edu/

Pilipinas na isinalin sa Tagalog at isinaayos ng mga deboto sa Cainta sa pamagat na Pagdedevocion at Pagsisiyam sa Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan.[8]

Ang Pagdedevocion sa Kalakaran ng Ikalabinwalong Siglo

Nabuo at lumaganap ang pagdedebosyon kay Maria bilang *Madre Santissima del Lumen* o Kabanalabanalang Ina ng Kaliwanagan noong ikalabinwalong siglo. Sa panahong ito, nahaharap ang Simbahan sa hamon ng pagsikat ng bagong liwanag na dala ng Makabagong Pilosopiya sa Espanya at sa buong Europa. Sa panahong ito, nilayon ng mga intelektuwal na mapalitan ang mga nakasanayang pag-iisip ng mga kasalukuyang institusyong panlipunan, pampulitika at higit sa lahat, panrelihiyon.[9] Ipinaglaban nila ang kalayaan ng katwiran ng isip laban sa nakikita nilang mapang-aping paggamit ng kapangyarihan ng Simbahan.[10]

Mula sa impluwensya ng mga tinaguriang *philosophes* mula sa Francia at Inglatera, sumunod ang ilang mga intelektuwal sa Espanya sa pagtuligsa sa Simbahan bilang tagahawak at tagapangalaga ng katotohanan. Sa Espanya, ang mga intelektuwal na ito ay tinaguriang *Novadores*.[11] Alinsunod sa

8 San Juan, *Pagdedevocion*, 6.

9 Richard Herr, *The Eighteenth-Century Revolution in Spain* (Princeton, New Jersey: Princeton University Press, 1958), 73.

10 Ibid.

11 Para sa isang maikling salaysay ukol sa Panahon ng Kaliwanagan sa Espanya, pakitingnan sa John Dowling, "The Crisis of the Spanish Enlightenment: Capricho 43 and Goya's Second Portrait of Jovellanos," *Eighteenth-Century Studies* 18 (Spring 1985): 331-59. Sumikat sa Espanya ang grupo ng mga intelektuwal na tinatawag na *Novadores*. Sa pananaw ng mga taong-Simbahan, sila ay mga Inventor de novedades. Tómase regularmente por el que las inventa peligrosamente en materia de doctrinas." Sinipi ni Dowling mula sa *Diccionario de la lengua castellana,* Tomo Quarto (Madrid: Francisco del Hierro, 1734), 683. Pakitingnan sa Dowling, *Spanish*

https://publications.lst.edu/

pananaw ng mga naliwanagan, ipinaglaban nila na kayang matuklasan ng tao ang kanyang kaligtasan at kaganapan sa paggamit ng kanyang pangangatwiran batay sa mga tuwiran niyang nasasaliksik sa kalikasan.[12] Ang mga pananaliksik na ito ang nagmistulang mga bagong-ilaw na nagdadala ng malalim na kamalayan sa tao ukol sa kanyang sariling kapangyarihan. Agad makikita kung paano itong nakikipagtunggali sa batayang pananaw at tradisyon ng Simbahan.

Laban sa Mabathalang Pagbubunyag

Sa doktrina ng Simbahan, may likas na kakayahan ang taong matuklasan ang Diyos sa pamamagitan ng mga kaalamang ibinibigay ng kalikasan (sa paraan ng *analogia*) subalit ito ay may hangganan. Para sa Simbahan, kailangan ng Mabathalang Pagbubunyag *(Divine Revelation*) upang maging tunay at maging ganap ang pagkilala ng tao sa Diyos.[13] Sangayon ang *Novadores* sa likas na kakayahan ng taong matuklasan ang Diyos, ngunit hindi nila tinanggap ang paninindigang kailangan pa ng Mabathalang Pagbubunyag. Gayundin, tuwiran nilang sinalungat ang pananaw ng Simbahan na ang kaganapan ng tao ay nakasalalay sa pagbibigay liwanag ng Diyos na nananahan sa tao.[14] Iginigiit ng *Novadores* na hindi sa pagbubunyag ng Diyos at sa kanyang pagpasok sa kasaysayan nakasalalay ang pagsulong ng sangkatauhan kundi sa pansariling kapangyarihan at kakayahan ng tao.[15]

Enlightenment, 333.

12 Herr, *Revolution in Spain*, 4.

13 Oskar Kohler, *The Church in the Age of Absolutism and Enlightenment*, salin Gunther Holst, History of the Church, pat. Hubert Jedin at John Dolan, tomo 16 (New York: Crossroad Publishing Co., 1981), 343

14 Kohler, *The Church and Enlightenment*, 343.

15 Kohler, *The Church and Enlightenment*, 343.

Laban sa Teolohiya ng Pagbibiyaya

Para sa Simbahan, ang sangkatauhan ay nilikha ng Diyos at para sa Diyos. Ayon sa turo ng Konsilyo ng Trento, may sinaunang kaganapan ang tao—ang pagtamasa ng maliwanag na kabanalan at pakikipagkaibigan sa Diyos. Subalit gawa ng sinaunang pagkahulog (*original fall*), nasugatan ang sangkatauhan at nawala sa kanya ang kakayahang matunton ang paraiso ng banal at ganap na buhay.[16] Sa pananaw ng Simbahan, kusang-loob na ibinalik ng Diyos sa tao ang kakayahang ito.[17] Hinilom ng Misteryo Paskwal ni Kristo ang sugat ng kasalanan, binigyang liwanag at tunay na pinagpanibago ang sangkatauhan.[18] Bunga ng Misteryo Paskwal, biniyayaan ang sangkatauhan ng pananampalataya, pag-ibig, at pag-asa‖ na magpapanuto sa kanya sa kaligtasan at ganap na buhay. Sa pananalig ng Simbahan, hindi maihihiwalay ang kaganapan ng buhay sa Mabathalang Pagkukusa na ginanap ng Misteryo Paskuwal ni Kristo. Gayundin, hindi ito maihihiwalay sa kusang loob na pakikipagtulungan ng tao sa pagbibiyayang nararanasan sa loob ng Simbahan.

Minaliit ng *Novadores* ang teolohiyang ito ng Simbahan ukol sa pagbibiyaya. Pinanindigan ng *Novadores* na hindi makakamtan ng sangkatauhan ang kaganapan sa pamamagitan ng pagtingin at pag-unawa sa sarili bilang nilikha ng Diyos at para sa Diyos.[19] Hindi kailangan ng tulong na lampas sa likas na kakayahan.[20] Bagkus, makakamtan ito sa pagpapayaman ng kanyang likas na kakayahan. Walang ibang pagbubunyag na makatutulong sa tao kundi ang pagpapayaman ng isip at

16 Tingnan ND 1925.
17 Tingnan ND 1930.
18 Tingnan ND 1930.
19 Grant Kaplan, *Answering the Enlightenment* (New York: Crossroad Publishing Co., 2006), 18.
20 Tingnan Herr, *Eighteenth Century Revolution*, 5.

https://publications.lst.edu/

isang mabuting edukasyon na makapagtuturo kung paanong iwasan ang masamang impluwensiya sa lipunan.[21]

Samakatuwid, hinahamon ng makabagong pag-iisip ang itinuturo ng pananampalataya ukol sa tao, sa kanyang katangian bilang nilalang ng Diyos at ang mismong pag-uugnayan ng Diyos at ng tao. Para sa mga naliwanagan o mga *Novadores*, ang paghahamong ito ay paglaya ng katuwiran (*razón*) sa pagkakakulong nito sa mapaniil na tradisyon ng institusyonalisadong relihiyon. At ang paglayang ito ay ang pagkamit ng kapangyarihang magdadala sa tao sa kanyang kaganapan. Samantala para sa Simbahan, ang ganitong pananaw ay panibagong mukha ng mga panganib sa pananampalataya na matagal na nitong pinagsisikapang supilin—isang makabagong mukha ng Pelagianismo at sekularismo bilang panibagong Protestantismo.

Sa mga hamong ito na kinakaharap ng Simbahan noong ika-18 siglo, mahihinuha natin ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng debosyon kay Maria bilang Ina ng Kaliwanagan sa panahong iyon. Masisilip ito sa sermong ibinigay ng Heswitang si P. Diego Rivera sa pagtatalaga ng altar para kay Maria sa Colegio Imperial de Madrid noong 1756. Ayon sa kanya, naaangkop ang pagdedebosyon kay Maria bilang *Madre Santisima de la Luz*,

> sa mga panahong ito, kung kailan tinutuligsa ng mga modernong Sekta ang Pananampalataya; at kung kailan hindi walang-sakit nating nakikita, maging sa maraming Katoliko, ang halos paglaho ng kabanalan at pagdurusa ng pananampalataya dahil sa pakikipagugnayan sa mga *Novatores*,[22] o sa kanilang mga

21 Ibid.
22 Tingnan ang ika-11 talababa.

aklat, o sa walang saysay na kahambugan ng ilang marurunong na puspusang inilalaan ang kanilang mga sarili sa mga makabagong bagay.[23]

Ang Tugon ng Simbahan: *Pagdedevocion at Pagsisiyam sa Cabanalbanalang Ina ng Caliuanagan*

Tulad ng inaasahan, tahasang nilabanan ng Simbahan ang makabagong Pilosopiya na lumaganap sa Espanya, at sa buong Europa. Pinaigting ang pagpapalaganap at pagtuturo ng doktrinang Katoliko sa mga pulpito, sa mga paaralan ng Simbahan, sa mga tahanan at hanggang sa lansangan. Dito, naging mabisang kasangkapan ang mga popular na debosyon, tulad ng pagsisiyam, sa pagpapalaganap ng turo ng Simbahan.

Sa panahong nahaharap ang Simbahan sa paghahamon ng mga *Novadores*, hindi kataka-takang lumitaw ang isang debosyon na tahasang lumalaban sa mga ilaw (*luces*) na nagpapalaganap ng makabagong pilosopiya.[24] Makikita sa mga pahina ng *Pagdedevocion at Pagsisiyam sa Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan* ang pagtatanghal sa tunay na liwanag na kinikilala ng Simbahan.

Antropolohiya

Malinaw na ipinakikita ng dalit sa *Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan*[25] ang isang pananaw ukol sa katayuan ng

23 "…en estos ultimos tiempos, en que la fe se halla tan combatida de las modernas Sectas, y en que no, sin dolor, vemos que aun en muchos catolicos, e por el demasiado comercio con los Novatores, o con sus libros, o por un orgullo vano de ciertos genios, dedicados a novedades, esta casi extinguida la piedad y agonizando la Fe, se coloca la Madre Santisima de la Luz en aquel Altar." Sinipi mula sa Diego de Rivera, *Sermón de la Madre Santissima de la Luz*, (Madrid 1756), 11-12. Tingnan sa López, "La Devocion," 214. Salin ng may-akda.

24 "…contraponerla a aquellas otras Luces que intenaba propagar la nueva filosofia." Tingnan López, "La Devocion," 213.

25 Karagdagang apat na pahina ng taludturan na dinadasal o inaawit

https://publications.lst.edu/

tao at ng mundo. Ipinipinta nito na ang paglalakbay ng tao sa lupa ay pagharap sa kadiliman ng kasalanan. Kongkreto itong nakikita ng tao sa mundo dahil sa kanyang karanasan ng di-maunawaang pagdurusa at paghihirap. Ipinakikita nito na ang tao ay laging nilalaro ng mga puwersang nagpapadilim sa kanyang kalooban at nagdadala sa kanya sa kapahamakan. Unang-una, tinutukoy ng dalit ang "caauay naming sucab na-dinidimlan ang bait nami,t, calooban" — isang pagkilala sa impluwensya ng kasamaan sa mundo. Pangalawa, ipinakikita ng dalit na ang mundo ay mandaraya at sinungaling kaya may paghihinala sa anumang kaginhawaang ibinibigay nito. Pangatlo, ipinakikita rin na kalaban ng tao ang mismong sarili dahil nahihilig ito sa mga lugod na mahalay. Sa pangkalahatan, may mapaghinalang pagtingin sa mundo at sariling kakayahan ng tao tungo sa mabuting buhay.

Tuwiran itong nakikipagtunggali sa napakapositibong pananaw sa mundo ng *Novadores*. Lumilitaw sa *Pagdedevocion* na ang mundo mismo ay nalalagay sa sitwasyon ng pagkamakasalanan at nangangailangan ng kaligtasan. Dahil dito, hindi mapagwawagian ng tao ang anumang pagdurusa sa pamamagitan lamang ng tamang pagtuklas, pag-aaral at paggamit ng mundo at kalikasan. Pinabubulaanan din ng *Pagdedevocion* na makakamtan ng tao ang kanyang kaganapan sa pamamagitan lamang ng sariling lakas at katwiran. Kinikilala nito na kasangkot ang pag-iisip at kalooban ng tao sa kalagayan ng pagkamakasalanan. Maaaring may kakayahan ito, subalit ang sitwasyon niya sa mundo ay laging nakabukas sa posibilidad na malihis ng daan at mapagdiliman ng isip (*reason*) at kalooban (*will*).

Sa madaling sabi, binibigyang diin ng *Pagdedevocion* ang katotohanan ng kasalanan sa mundo at ang dulot nito

pagkatapos ng pagdarasal ng nobena. Tingnan ang apendiks 2 para sa sipi nito.

ay karanasan ng "dilang dusa,t, panganib at manga dalita,t, saquit." Hindi lamang kasangkot ang tao at ang mundo sa kalagayang ito, bagkus, may kapangyarihan sa labas ng tao at mundo na kumikilos upang panatilihin ang sitwasyong ito. Ibinubunyag nito ang karimlang bumabalot sa mundo at sa pag-iisip ng tao na pumipigil sa kanya upang marating ang kaganapang itinalaga sa kanya. Mababanaag dito kung paanong ang mga-bagong ilaw na ipinakikita ng *Enlightenment* ay itinuturing na mga huwad na ilaw na nagdadala pa nga sa kapahamakan.

Malinaw ang nais ituro ng mga panalangin at pagluhog na itinuturo ng *Pagdedevocion*. Nais nitong buksan ang kamalayan ng mga deboto at pukawin ang kanilang mga hangarin na hanapin ang tunay na kaliwanagan. Una, ipinakikita nito na ang tagumpay ng paglalakbay ng tao sa mundo ay hindi nakasalalay sa kaginhawaan sa buhay. Sa halip, ang tunay na tagumpay sa buhay ay ang kaliwanagan ng pakikipagkaibigan sa Diyos at ang pagkamit ng "dahilang iquinapal sa aquin."[26] Pangalawa at higit na mahalagang punto ng *Pagdedevocion*, hindi maibibigay ng "mundong mandaraya't sinungaling" o ng "katawang-ang quinahihiligan manga lugod na mahalay ang kaligtasan." Kailangan ng tao ang tulong na lampas sa likas na kakayahan upang mapagwagihan ang kanyang kalagayan.

Mga Tema ng Pagbibiyaya

Ipinahahayag ng *Pagdedevocion*, na ang kaligtasan at kaganapan ng tao ay gumagalaw sa larangan ng pagbibiyaya ng Diyos at sa pakikipagtulungan rito. Laban sa isang makabagong Pelagianismo, natural na matatagpuan sa

26 Tingnan ibid., 55 at 64.

https://publications.lst.edu/

Pagdedevocion ang antropolohiyang may paghihinala sa mundo at sa tao. Sa kabilang banda, iniiwasan din naman ng *Pagdedevocion* ang napakanegatibong antropolohiya ng Lutheranismo.

Bagamat may paghihinala, hindi nito itinuturing ang tao bilang lubhang napakamakasalanan upang makaaahon pa sa sitwasyon na kanyang ginagalawan. Nakikita ng *Pagdedevocion* na nagkakaroon ng tunay na kaliwanagan ang tao dahil ang *gracia* na ibinibiyaya ng Diyos sa tao ay hindi lamang nag-aalis ng kasalanan kundi nagdadala rin ng panibagong kapanganakan ng kaluluwa at kagalingan ng katawan.[27]

Sa madaling sabi, kung pakasusuriin ang mga pahina ng *Pagdedevocion,* matatagpuan ang paninindigang nakiki-pagtalaban sa-makabagong pilosopiya ng *Novadores* noong unang bahagi ng ika-labinwalong siglo. Ang tunay na kaliwanagan ng tao ay hindi nakabatay sa paggamit ng likas na kakayahan at paggamit ng katwiran.

Bagkus, nakasalalay ito sa "mahal na gracia na iquina-paguiguing banal at anac ng Dios."[28] Ito ang paulit-ulit na binibigyang diin ng mga pagninilay at mga panalangin sa loob ng siyam na araw. Dito, mababanaag ang sinag ng doktrina ng Trento ukol sa pagbibiyaya at kaligtasan ng tao.

Pagbabalik-loob sa Diyos

Sa pananalita ng pagsisiyam, ang pagbabalik-loob sa Diyos ay isa na mismong proseso ng pagbiyaya na nagbibigay kaliwanagan sa tao. Unang-una, ang kaliwanagang ito ay hindi makakamtan ng tao kung hindi siya bibigyan ng

27 Tingnan San Juan, *Pagdedevocion*, 32 at 52.
28 San Juan, *Pagdedevocion*, 49.

tulong ng Diyos. Sa ikalawang araw, halimbawa, hinihiling ng deboto na ipagkaloob sa kanya ng Diyos ang biyaya ng buhay na pananampalataya. Ang pananampalatayang ito ang magiging ilaw na magbibigay sa kanya ng kakayahang makilala ang Diyos at ang kanyang kadakilaan.[29] Ayon sa panalangin, ang pagkakakilala sa kadakilaan ng Diyos ang magbubunsod sa deboto upang makilala niya at tangisan ang kanyang kasalanan.[30]

Dumadaloy mula rito ang biyayang hinihingi sa ikatlong araw: na kung makilala ng tao ang kanyang kasalanan ay magkaroon siya ng lakas upang ito ay mataimtim na ikumpisal at pagsisihan.[31] Samantala, ipinapanalangin naman sa ikaapat na araw ang biyaya ng tunay na pagkatakot sa Diyos, at ang pagkapoot sa kasalanan nang higit pa sa pagkapoot sa impiyerno.[32] Tulad ng panalangin sa ikalawang araw, hinihiling ang biyayang ito upang matulungan ang deboto na tuluyan niyang iwan ang kasalanan. Pinaiigting naman ng panalangin sa ikalimang araw ang dahilan ng prosesong ito ng pagbabalik loob. Hinihiling ng panalangin ang biyaya ng isang matibay na pananalig sa walang hanggang kaawaan ng Panginoon.[33] Mahihinuha sa panalanging ito na sa ilalim ng pagbabalik-loob ng tao sa Diyos ay ang paggalaw ng pag-asa at pananalig sa katangian ng Diyos na walang katumbas sa pagpapatawad. Ipinakikita ng mga panalanging ito na ang pagbabalik loob ay isang proseso na Diyos mismo ang kusang-loob na nagpapasimula. Sa prosesong ito, ang mga biyayang hinihiling ay gumaganap na mga ilaw na gumagabay sa tao upang tahakin ang landas ng kaliwanagan. “Ito

29 Ibid., 58.
30 Ibid.
31 Tingnan ibid., 59.
32 Tingnan San Juan, *Pagdedevocion*, 60.
33 Tingnan ibid., 61.

https://publications.lst.edu/

nga ay ang ilao nang pananampalataya, nang pagquilala sa mga casalanan, nang pagcatacot sa parusa, nang pananalig sa capatauaran, at nang pagsisisi: na siya ngang limang ilao na casangcapan sa paquiquipagcatotong muli sa Dios."[34]

Kung susundan ang daloy ng mga panalangin mula ikalawa hanggang ikalimang araw, mahihinuha na ipinakikita ng pagsisiyam ang pananaw ng Trento kung paanong napapawalangsala (*justificar*) ang tao. Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng paghahanda sa tao tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng limang hakbang. Una, sa tulong ng mabathalang biyaya, ginigising ng Diyos ang tao sa tunay na pananampalataya upang kusang loob itong bumaling sa kanya. Pangalawa, sa harap ng kadakilaan ng Diyos ay makikilala niya at maunawaan ang kanyang mga pagkakasala. Pangatlo, mababaling ang tao mula sa pagkatakot sa parusa ng kanyang mga kasalanan tungo sa pananalig sa Mabathalang kaawaan. Dito, magkaroon ng pag-asa at tiwala ang tao na kakalingain siya ng Diyos pakundangan sa mga tinamo ni Hesukristo para sa sangkatauhan. Pang-apat, sa pamamagitan ng pag-asang ito ay makikilala niya at iibigin ang Diyos na siyang tanging nagpapagindapat sa kanya na maging matuwid. At pang-lima, sa pagmamahal na ito sa Diyos ay tunay niyang pagsisihan ang kanyang kasalanan at talikdan ang baluktot na daan.[35]

34 Ibid.,51.
35 Tingnan ND 1930.

Pakikipagkatoto sa Diyos

> ¡Oh parating Virgen Maria, cabanal-banalang Ina ng caliuanagan! Naliligaya aco sa caibuturan niring loob, sapagca,t, icao ay Anac, Ina at esposa nang magpacailanman at ualang hangan caliuanagan. . . liuanagan mo ang aquing caloloua sa mga cadiliman nang camatayan, at matiusay acong mapanuto sa daan nang capayapaan at paquiquipagcatoto sa Dios, hanggan di co siya macamtan magpasaualang hangan: at ipagcaloob mo sa aquin ang ipinagmamacaaua co sa iyo sa pagsisiyam na ito cung nauucol sa lalong caloualhatian nang Dios, sa lalong capurihan mo at cagalingan nang acquing caloloua.[36]

Makikita sa *Pagdedevocion* ang katotohanan ng kasalanan sa paggamit nito ng imahe ng isang taong nawala sa tamang direksyon ng paglalakbay dulot ng ibang mapanghalina subalit huwad at nakamamatay na landas. Ang pagkakalihis na ito ang nagdadala sa tao sa iba‘t ibang pagdurusa. Matatagpuan lamang ng tao ang kanyang kaligtasan kung makababalik siya sa totoong landas na dapat niyang tahakin sa buhay. Tulad ng nabanggit kanina, ang biyayang ibinibigay ng Diyos ay ang pananampalatayang nagpapaningas sa puso ng tao upang magbalik-loob sa Diyos.

Subalit, binibigyang diin dito na hindi lamang isang pagbabalik sa landas o pagbabalik-loob sa Diyos ang nakaliligtas sa tao. Ipinakikita ng panalangin na ang kaligtasan ng tao ay nagsisimula sa pagkapanuto sa tuwid na landas at nagpapatuloy sa paglalakbay patungo sa Diyos at kasama ng Diyos, hanggan di co siya macamtan magpasaualang hangan. Samakatwid, hindi nagtatapos ang ugnayan ng Diyos at tao sa mabathalang pagbibiyaya, pagbabalik-loob ng tao at

36 San Juan, *Pagdedevocion*, 55-56.

https://publications.lst.edu/

pagpapatawad ng kasalanan.[37] Sa katunayan, ito ay simula pa lamang ng mahabang proseso ng tunay na *paquiquipagcatoto* sa Diyos. Alinsunod sa itinuturo ng Trento, binibigyang diin ng mga panalangin ng *Pagdedevocion* na bahagi ng patuloy na pakikipag-ugnayan ng Diyos sa tao ang pagpapabanal at pagpapanibago ng buong pagkatao.[38] Sa pamamagitan ng kusang-loob na pagtanggap ng tao sa grasya at mga biyaya ng Diyos, mula sa pagiging di-matuwid ay nagiging matuwid siya, at mula sa pagiging kaaway siya ay nagiging tunay na katoto.[39]

Paglago sa Kabanalan

Tulad ng nabanggit sa itaas, binibigyang diin ng pagsisiyam na ang muling pakikipagkatoto sa Diyos ay hindi natatapos sa kapatawaran ng kasalanan at pagtalikod rito. Ang buong proseso ng pagbabalik-loob sa Diyos ay nagaganap sa pagpapatuloy ng tao sa pagtahak sa landas ng kabanalan at kaliwanagan. Kung paanong hindi makapagsisi sa kanyang kasalanan ang tao kung wala ang biyayang ibinibigay ang Diyos, gayundin hindi makapagpapatuloy ang tao sa paglago sa kabanalan kung walang biyaya ibinibigay ang Diyos.

Makikita natin ang ganitong pananaw sa hinihiling ng panalangin sa ikaanim na araw. Sa partikular na araw na ito, hinahangad ng panalangin ang biyaya ng "maningas na apoy ng pag-ibig sa Dios, nang madalisay sa sangagan nang isang tunay na pagcabuhay sa cabanalan."[40] Sa panalanging ito, makikita natin ang lakas ng pananalig ng *Pagdedevocion* na binibigyang kakayahan ng Diyos ang tao na muling mamuhay sa kabanalan at magpatuloy dito hanggang kamatayan. Sa

37 Tingnan ND 1932.
38 San Juan, *Pagdedevocion*, 32. Ihambing sa ND 1932.
39 Tingnan ND 1932.
40 San Juan, *Pagdedevocion,* 62.

ganitong pananalig nakabatay ang mga biyayang hinihiling ng mga panalangin sa ikapito hanggang ikasiyam na araw. Sa ikapitong araw, halimbawa, nagsusumamo ang deboto na maragdagan ang kanyang pag-ibig sa araw-araw hanggang sa marating niya ang araw ng kaluwalhatian.[41] Sa ikawalong araw, nananalangin naman ang deboto na huwag siyang makulangan ng anomang biyaya upang makapagpatuloy sa pagtahak sa landas ng kabanalan.[42] Natatapos ang pagsisiyam sa huling araw ng pag-uulit sa paghingi ng biyayang makapanatili sa paggawa ng kabanalan ayon sa kalagayang ibinigay sa kanya.[43]

Mapapansin na ang tema ng mga biyayang hinihingi ng mga panalanging ito ay patuloy na paglago at pag-usad tungo sa kaganapan ng buhay sa piling ng Diyos. Sa paghingi ng mga biyayang ito, lumilitaw ang matalik na ugnayan ng prosesong nangyayari sa pagbabalik-loob ng tao sa Diyos at sa pagpapanauli ng buhay kabanalan. Binibigyang diin nito ang pananalig na ang biyayang ipinagkakaloob ng Diyos ay tunay na nagiging likas na galing ng tao (*gracia inhaerens*) upang tumugon at kumilos tungo sa kabutihan—kilos na pinagagalaw ng pag-ibig (*caritas*).[44] Dahil dito, tunay na nakaaangat o nakaaaahon ang tao mula sa kanyang kalagayan ng pagkamakasalanan at sa mga bunga nito sa kanyang buhay kabilang na ang kahirapan at pagdurusa.

Pagginhawa sa Buhay

Ang kaganapan ng buhay ay hindi isang bagay na nasa hinaharap lamang. Makikitang ipinahahayag ng *Pagdedevocion*

41 Tingnan San Juan, *Pagdedevocion,* 63.
42 Ibid.
43 Ibid.
44 Ihambing sa ND 1934.

https://publications.lst.edu/

na ang kaganapan ng buhay ng isang taong nasa grasya ng Diyos ay unti-unting isinasakatuparan sa kasalukuyan samantalang ito ay ipinapangako pa lamang. Ang katuparan ng mga hinihiling ng deboto sa pagsisiyam ay isang patunay nito. Tulad ng anumang pagsisiyam na nakagisnan natin, ang mga panalangin sa araw-araw ay natatapos sa pagsusumamo ukol sa partikular na pangangailangan ng deboto. Kasabay ng paghingi ng kaligtasang magdadala sa kanya sa piling ng Diyos ang paghiling ng deboto ng kanyang kaginhawaan sa pang-araw-araw na buhay.

Hindi ito nakikitang hiwalay sa mga biyayang hinihingi. Bagkus, nakikita ito ng *Pagdedevocion* na sabay na kasangakapan at bunga ng mga biyayang ipinagkakaloob ng Diyos. Mapapansin, halimbawa, na ang mga kaginhawahan o mga sagot sa mga partikular na intensyon ay hinihiling na makamtan kung ito ay para sa "caluoalhatian nang Dios" at "cagalingan nang [aquing] caloloua."[45] Lumalabas na nakikita ng mga deboto na maging ang mga kaginhawaang ipinagkakaloob ng Diyos ay bahagi ng pagkakaloob niya sa deboto ng kakayahang makapaglakbay sa landas ng pakikipagkaibigan sa Diyos—mula sa pagtalikod sa kasalanan hanggang sa *pagpapatuloy* sa buhay ng kabanalan.

Mahihinuha rin ito sa pangkalahatang kuwento ng paglaganap ng *Pagdedevocion:*

> [D]i gagayong manga himala ang ginaua nang Dios sa pamagitan ng mahal na Larauan nang Cabanal banalang Ina nang Caliuanagan, sa pagbabalic loob nang manga macasalanan na sari-saring calagayan,

45 "At ipagcaloob mo naman sa aquin, Panginoon co, cung nauucol sa lalo mong caloalhatian at cagalingan nang caloloua co ang hinihingi co sa iyo sa pagnonovenang ito." Matatagpuan ito sa pangkalahatang panalangin na inuulit sa bawat araw ng novena.

> may lalaqui,t, babayi, may matanda,t, bata, may Sacerdote,t, religioso, at gayon din naman sa pagpapagaling sa manga cahirapa,t, caralitaan, at sa pagbuhay nang manga patay. . . na parang lunas sa dilang manga cahirapan at casalatan nang canilang manga caloloua,t, catauan.[46]

Dito, matalik na iniuugnay ang mga himala tulad ng pagpapagaling ng katawan at pagliligtas sa sakuna bilang instrumento ng pagbabalik-loob ng mga makasalanan at pagiging matapat sa pananampalataya. Subalit, maaari rin kaya itong unawain bilang pagpapahayag ng pananalig na ang mga kaginhawaang ito ay dulot mismo ng biyaya ng *paguiguing catoto at anac* ng Diyos? Mahirap matanggap ito sa kasalukuyan nating pag-unawa ukol sa biyaya ng pagiging anak ng Diyos, subalit hindi ito nalalayo sa buong pananaw ng pagdedebosyon. Alinsunod sa paninindigan ng aklat-dasalan, ang tunay na kaliwanagang ibinibigay ng Diyos ay kaligtasan unang-una sa kasalanan, at pangalawa sa mga paghihirap at pagdurusang dulot nito. Muli, ito ay alinsunod pa rin sa pananaw at pananampalataya na ang pagbibiyaya ng Diyos ay gumagalaw sa kabuuan ng tao—kaginhawaan ng kanyang kaluluwa at ng kanyang katawan. Sa ganitong paraan, tuwirang nasasagot ang paratang ng makabagong Pilosopiya na walang naibibigay ang pananampalataya sa buhay ng tao.

Gampanin ni Maria sa Pagbibiyaya

Ang mga pamimintuho, panalangin, at paghiling ng mga biyaya na matatagpuan sa *Pagdedevocion* ay mga pagdulog sa Diyos sa pamamagitan at pananalangin ng Mahal na Birheng Maria. Sa ganitong paraan napalilitaw ng aklat-dasalan na

46 San Juan, *Pagdedevocion,* 46.

https://publications.lst.edu/

may natatanging gampanin ang Mahal na Birheng Maria sa pagbibiyaya ng Diyos sa tao. Isinasaysay ng *Pagdedevocion* ang natatanging gampanin na ito sa pamamagitan ng tatlong pagbibigay-pugay sa kanya:

> Sa unang arao ay *Ina ng magpacailanman at ualang hangang caliuanagan*. . . Sa ibang susunod na manga arao ay *Ina ng dilang caliuanagang quinapal nang Dios;* sapagca,t, sa limang araw na sumusunod ay igagalang natin siyang Ina nga ng manga ilao na casangcapan sa pagbabalic loob ng manga macasalanan, na parang bituin sa guitna ng cadiliman. . . Sa icapito, icaualo at icasiyam na arao, ay igagalang si Mariang parang *liuayuay na namamanaag sa manga bagong lumalacad sa landas ng cabanalan*... marilag na Buan sa manga dati nang naglilingcod sa Dios; at Caliuanagan ng arao sa mga na aac-yat na sa mataas na cabanalan.[47]

Si Maria Bilang Ina ng Kaliwanagan

Nananalig ang *Pagdedevocion* sa kakayahan ni Maria na maging daanan ng *gracia* sapagkat siya‘y naging Ina ng Ikalawang Persona ng Santatlong Dios. Makikita na ang pangunahing pananaw na ginagamit sa pagkilala sa gampanin ni Maria ay ang teolohikal na implikasyon ng Ikalawang Persona alinsunod na rin sa pananampalataya ng Simbahan. Pakundangan sa pag-aanib ng *hypostasis* kay Hesus sa kanyang sinapupunan, si Maria ay sabay na naging Ina ng Sangkatauhan at Ina ng Diyos. Siya ay naging Ina ng “Caliuanagang nanggaling sa Liuanag” kaya‘t siya ay Ina rin “nang caliuanagang ipagcacamit natin ng mahal na gracia, na iquinapaguiguing banal at anac ng Dios.”[48] Ang pagiging

47 San Juan, *Pagdedevocion,* 50-51. Binigyang-diin ng may-akda.
48 San Juan, *Pagdedevocion,* 49.

Ina ng Caliuanagan ni Maria, ayon sa *Pagdedevocion,* ay may dalawang antas ng kahulugan. Una, ito ay tungkol sa pagkakatawang-tao sa kaniyang sinapupunan ng Anak ng Diyos na "ilao na magpasamula mula,t, magpacailanman at hindi nilalang at guinaua ninoman."[49] Ang Liwanag na ito na kanyang dinala sa sinapupunan ay siya ring nagpagindapat na pagliwanagin ang buong katauhan ni Maria–sa madaling sabi ay ang pagkakamit ng Mahal na Birheng Maria ng bunga ng pagliligtas ng Panginoon.

Pangalawa, matatag ang paninindigan ng *Pagdedevocion* na ang paggawad sa Mahal na Birhen ng ganitong natatanging pribilehiyo ay may kaakibat na pagkakaroon ng likas na kakayahang maibahagi ang liwanag niyang tinanggap. Mahihinuha ito sa paliwanag ng Pagdedevocion kung bakit minarapat nitong gamitin ang titulong "Ina ng Caliuanagan" sa halip na "Ina ng Ilao." Ayon sa *Pagdedevocion*,

> Ang tinutucoy lamang nang uicang Luz ay ang camahalan, ang carangalan, ang cabutihan na nagliliuanag; datapoua,t, ang cahulugan nang Lumen ay yaong liuanag na parang nunucal at lumalabas sa maluningning na catauan, na nagpapaliuanag sa boong liniguid-liguid at caniyang naiilauan ang masumpungan at abutin nang caniyang bisa,t, capangyarihan, anopa,t, ang tinucoy nang uicang Lumen ay ang bagay na tumanggap ng caliuanagan nang ilao, o sa lalaong totoong sabi,i, manga biyaya,t cabutihang tinamo nang naliliuanagan.[50]

Sa madaling sabi, pakundangan sa pagiging Ina ng Diyos, at sa pagkakaroon niya ng natatanging luklukan sa kaharian ng Diyos, si Maria ay naging natatangi ring tagapagdaloy ng *gracia* at tagapagdala ng biyaya mula sa Diyos. Ang sinumang

49 Ibid., 32.
50 San Juan, *Pagdedevocion,* 32.

https://publications.lst.edu/

lumapit kay Maria at maging tunay na anak niya, ay nagkakaroon ng "panibagong capanganacan sa caloloua" at nagiging "hinirang sa gracia ng Dios."[51]

Si Maria Bilang Ilaw

Lumilitaw sa mga panalangin ng *Padedevocion* na lumalapit ang tao kay Maria sapagkat siya ang Ina ng "caliuanagang ipagcacamit natin ng mahal na gracia, na iquinapaguiguing banal at anac ng Dios." Bukod dito, matatagpuan rin sa pananalita ng mga panalangin ang paglapit kay Maria bilang tunay na anak at katoto ng Diyos. Ipinakikita ito ng lubos na pananalig at pananampalataya ni Maria sa pagtanggap niya sa pagiging Ina ng Ikalawang Persona. Si Maria, kung gayon, ay nilalapitan bilang huwaran ng taimtim na pakikipagtulungan sa kalooban ng Diyos na nagpagindapat sa kanya upang tawaging lubos na pinagpala (*gratia plena*).[52] Dahil dito, nilalapitan ang Mahal na Birheng Maria bilang ina sa pananampalataya, na siyang ilaw sa muling pakikipagkatoto at pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang halimbawa ni Maria ay "parang bituin sa guitna nang cadiliman. . . na nagbibigay liuanag sa manga macasalanang nababalot nang cadiliman nang casalanan."[53]

Si Maria Bilang Liwayway ng Araw

Ang gampanin ng Mahal na Birheng Maria ay hindi lamang bilang daanan ng sikat upang maliwanagan ang nadidiliman. Sa paglapit sa kanya, ang tunay na hinihiling ay ang tunay na maging Anak ni Maria upang tulad niya ay "macamtan

51 Tingnan ibid., 33.
52 Ibid., 58.
53 Ibid., 51.

cong lubos ang dahilang quinapal sa aquin, manatili ako sa kabanalan, ayon sa calagayang itinalaga sa aquin." Dito, ang Birheng Maria ay nagiging tanglaw din ng mga taong namulat na sa liwanag at nais na manatili roon at magpatuloy hanggang sa katapusan. Itinatanghal siya hindi lamang bilang huwaran ng mabuting pakikipag-ugnayan sa Diyos kundi bilang isang palatandaan ng kaganapan ng buhay para sa mga nakikipagkatoto sa Diyos. Para sa *Pagdedevocion,* si Maria ang sagisag ng kahihinatnan ng bagong kapanganakan ng kaluluwa ng tao. Matututunan kay Maria na ang sinumang nakikipagkatoto sa Diyos ay hindi lamang pinagkakalooban ng ilaw kundi binibiyayan din ng tunay na kaliwanagan. Ang kaliwanagang ito ay nagmumula sa kanyang kalooban at tunay na nakapagbibigay ng liwanag sa iba. Sa madaling sabi, sa pamamagitan ng pagbibiyaya ng Diyos, ang tao mismo ay nagiging liwanag sa gitna ng kadiliman.

Mahihinuha sa itaas na laging may gampanin si Maria sa biyaya ng pagbabalik sa landas ng kapayapaan at pakikipagkatoto sa Diyos. Ipinakikita ng *Pagdedevocion* na sa bawat kabanata ng paglalakbay ng tao, si Maria ay bahagi ng mismong pagbibiyayang ibinibigay ng Diyos sa tao. Ibinigay siya sa atin bilang tunay na Ina ng sangkatauhan, pakundangan sa pagiging ina ni Hesus, ang bagong Adan. Sa kanyang pagiging Ina, siya ay tunay na naging "ilaw ng tahanan" para sa sambayanang Kristiyano sapagkat naging huwaran ang kanyang pamumuhay ng pagtahak sa landas ng kabanalan. At panghuli, naging sagisag siya ng kahihinatnan ng Simbahan at ng lahat ng tumatahak sa landas ng pakikipagkaibigan sa Diyos ang kaganapan ng buhay na ipinagkakaloob ng Diyos sa atin pakundangan sa Misteryo Paskwal ni Hesukristo.

https://publications.lst.edu/

Teolohikal na Pagninilay

Dahil itinuturing na isang debosyong popular ang *Pagdedevocion at Pagsisiyam sa Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan,* karaniwang inaasahan na hindi ito maglalaman ng malalim na teolohikal na pagninilay. Ang natatanging tanda ng isang debosyong popular ay ang pagtalakay nito sa pang-araw-araw na pangangailangan sa buhay ng mga deboto. Makikita ito sa mga panalangin at pagdulog na ginagawa ng *Pagdedevocion*. Sa pagsisiyasat na ating ginawa, lumilitaw na bagamat ang aklat- dasalang ito ay debosyong popular, hindi ito nagkukulang sa yamang teolohikal. Sa bahaging ito ng sanaysay, nais nating ilahad ang yamang teolohikal na mahihinuha natin sa mga pahina ng *Pagdedevocion*. Sa ganang atin, ito ang magsisilbing sinulid na tatahi at mag-uugnay-ugnay sa iba‘t ibang aspeto ng aklat-dasalan na sinubukan nating silipin sa mga naunang pahina.

Pananalitang Gamit ukol sa Pagbibiyaya

Nakita natin na ang partikular na kontesktong pangkasaysayan na pinagmulan ng debosyon sa *Cabanal-banalang Ina ng Caliuanagan* ay ang pag-usbong ng mga bagong pilosopiyang pinasimulan ng *Novadores* noong ikalabinwalong siglo. Kung pagbabatayan ang kontekstong pangkasaysayan na ito, madaling masasabi na ang pangunahing layunin ng debosyong ito ay ang sagutin, tapatan at labanan ang mga “huwad na liwanag” na ikinakalat ng “mga kalaban ng Simbahan.” Dahil dito, ginagamit ang mga salitang **ilaw** at **liwanag** upang tuwirang itapat sa makabagong kaliwanagang isinusulong ng mga *Novadores*.

Partikular na mapapansin na ang ilaw na tinutukoy sa *Pagdedevocion,* ay iyong mga kaloob ng Diyos sa tao.

Binibigyang diin ng *Pagdedevocion*, alinsunod sa Konsilyo ng Trento, na walang kakayahan ang tao na marating ang kaganapang kanyang pinapangarap dahil sa kanyang pagiging makasalanan. Mula sa mabathalang pagkukusang-loob ay binibigyan ang tao ng mga ilaw o kasangkapan upang makaahon sa kalunus-lunos na kalagayan at matunton ang kanyang kaganapan at kaligtasan. Ang mga ilaw na ito ay mga kasangkapan ng Diyos upang dalhin ang tao sa isang proseso ng tunay na kaliwanagan: (1) pagbabalik-loob; (2) pagiging muling katoto at anak; (3) paglago sa kabanalan; at (4) kaginhawaan at ikabubuti ng buhay. Ang pang-apat sa mga ito ay mahihinuha hindi lamang sa mga partikular na panalangin sa araw-araw. Sa bawat mga paghiling ng biyaya ukol sa kabanalan ng kaluluwa ay laging karugtong ang praktikal na aspeto nito—ang masumpungan ng deboto ang kanyang hinihiling sa pang-araw-araw na buhay. Lumilitaw rito ang isang pananaw na ang biyaya o ilaw na iginagawad sa tao ay laging kambal: ang kagalingan ng espiritu at ng katawan. Samakatwid, ito ay pumapatungkol sa buong pagkatao ng deboto.

Ang dinamiko ng pagbibiyaya na lumalabas sa *Pagdedevocion* ay hindi nagtatapos sa pagbibigay lamang ng ilaw. Bagkus, dinadala nito ang tao sa isang buong proseso ng tunay na pagbabago at pagkakamit ng kaliwanagan ng buong pagkatao. Sa katunayan, pinanindigan ng *Pagdedevocion* na ito ang pinakabatayan ng pag-usad ng tao palayo sa kahirapan at kasalanang kanyang kinasasadlakan. Makikita rito kung paanong ang pananaw ng *Pagdedevocion* ukol sa pagbibiyaya ay hindi lamang nakaugnay sa ilaw na ibinibigay kundi sa pagkakaroon ng mismong kaliwanagan. Ang tao mismo ay nagiging ilaw na nagbibigay ng kaliwanagan sa iba, isang kaliwanagang sabay na tinanggap niya bilang biyaya ng

https://publications.lst.edu/

Misteryo Paskwal ni Hesukristo at tunay na nagiging kanya rin.

Ang pinakamatimbang sa hinihingi ng mga panalangin ay ang manatili sa mahal na *gracia* ng Diyos.[54] Ito sa ganang atin ang pinakarurok ng buong pananaw ukol sa pagbibiyaya ng Diyos. Sapagkat sa katapusan ng mga panalangin at paghingi sa mga biyaya ng Diyos, matatagpuan natin na ang lahat ay nauuwi sa pinakamaigting na hangaring maging anak ng Diyos. Ang pinakamahalagang punto na ipinakikita ng mga panalangin ng *Pagdedevocion* ay bumabalik sa paninindigan na ang tunay na nagdadala ng kaganapan at kaligtasan sa tao ay ang "panibagong kapanganakan ng tao"[55] at pakikibahagi kay Hesukristo, ang Anak ng Dios Ama at Kaliwanagang nanggaling sa Liwanag.

Ang Natatanging Gampanin ni Maria sa Dinamiko ng Pagbibiyaya

Si Maria ang pangunahing huwaran ng taong nakipagtulungan sa biyaya ng Diyos at nanatili sa Kanyang grasya kaya't dinalisay at "bukod na pinagpala." Ito ang pananalig ng Simbahan na nakahabi sa mga dasal at pamimintuho ng *Pagdedevocion*. Subalit bukod sa pagiging huwaran na dapat sundin, ipinahihiwatig ng mga panalanging ang natatanging gampanin ng Mahal na Birhen bilang daluyan ng biyaya ng Diyos. Nilalapitan si Maria bilang Ina nang may pananalig sa kanyang natatanging kakayahan na mamagitan sa Diyos at sa sangkatauhan dahil sa kanyang natatanging gampanin sa Kasaysayan ng Pagliligtas—ang pagdadala niya sa Dakilang Biyaya sa sangkatauhan at Liwanag ng sandaigdigan.

54 San Juan, *Pagdedevocion,* 54.
55 Tingnan ibid., 49.

Sa isang mabilisang pagbasa, maaaring mapaghinalaan ang *Pagdedevocion* ng labis na pagbibigay ng kapangyarihan kay Maria bilang Ina ng Diyos. Sa katunayan, tinatawag siya ditong "Poon," o "Panginoon." Kung pagbabatayan ang mga salitang ito sa teksto ay hindi maitatanggi na ang mga pananalita at pakitungo kay Maria ay tila pumapantay sa kakayahan ng Diyos na magkaloob ng biyaya. Kung ito ay babasahin sa kasalukuyan nating pananalita, maaring may ganito ngang elemento na kailangang dalisayin. Subalit iba ang kontekstong ginagalawan ng *Pagdedevocion*. Ang mga pananalita batay sa pagkakagamit ng teksto ay tiyak na nagkaroon na ng ibang konotasyon. Gayunpaman, kung babasahing mabuti ang nilalaman ng mga teksto makikita na ang natural na paglapit kay Maria ay hindi nagmumula sa pagkakaroon niya ng angking kabanalan at kapurihan. Bagkus nagmumula pa rin ito sa pananaw na siya ay biniyayaan ng gayung kapangyarihan pakundangan pa rin sa Misteryo Paskwal ni Hesukristo na kanyang anak. Ito ang malinaw na sinasabi ng *Pagdedevocion.* Ibinigay si Maria bilang biyaya sa sangkatauhan upang may malapitan silang Ina na nagdadala ng tunay na liwanag sa sanlibutan.

Matatagpuan kung gayon na, tapat sa turo ng Simbahan, ang pananaw sa gampanin ni Maria bilang tagapamagitan ng kilos ng pagbibiyaya ng Diyos ay "hindi nakababawas sa anumang paraan, o nakadaragdag kaya, sa bukod-tanging pamamagitan ni Kristo."[56] Sa katunayan, ang pangwakas na panalangin ng *Pagdedevocion* ay nagpapahayag ng buong pananalig at pananampalataya sa Panginoong Hesukristo at sa kalooban Niyang ibigay sa atin ang Kanyang Ina upang mapatindi ang paglapit natin sa Kanyang kaliwanagan.[57]

56 KPK 526.
57 "Domine Jesu Criste, Lumen de lumine, qui Beatam Virginem

https://publications.lst.edu/

Pagsasakultura: Mula sa Pagsasalin Patungong Pagtubo ng Pananaw

Hindi nagtatapos ang kahalagahan ng *Pagdedevocion* sa pagtugon sa mga paratang ng mga kalaban ng Simbahan. Sa ganang atin, higit na malawak ang naging implikasyon ng debosyong ito kaysa sa pangunahin nitong layunin. Nakita natin sa ating pagsisiyasat na ang debosyong ito ay kumawala na sa pangunahin nitong kontekstong pangkasaysayan nang ito ay dumating sa Pilipinas at naisalin sa wikang Tagalog. Nagbagong-anyo ito mula sa aspetong apolohiya patungo sa aspetong katekesis o pagsasalin ng pananampalataya. Tulad ng iba pang debosyong popular na isinalin sa katutubong wika, naipalaganap ng *Pagdedevocion* ang turo ng Simbahan ukol sa Pagbibiyaya sa paraang nauunawaan at naakma sa sitwasyon sa buhay ng kultura. Subalit ang higit na mahalaga rito ay ang pangalawang pagbabagong-anyo ng debosyon. Naging bahagi ito ng pang-araw-araw na buhay panalangin at pagsamba ng mga mananampalataya. Kaya nga sa pagdaan ng panahon, kailangang iwan ang unang saling-wika at isaayos itong muli upang maipahayag ang panalangin at pananaw sa sarili nilang damdamin. Sa pangalawang pagbabagong-anyo ng debosyon, nalagpasan ang simpleng pagsasaling-wika. Sa halip, ito ay tunay na naging paglikha ng isang aklat-dasalang Pilipino—sarili at bagong pagpapahayag ng panalangin, pananalig, at pananampalatayang umuusbong sa kanyang katutubong kalagayan, kultura‘t tradisyon.

Sa pangkalahatan, ang *Pagdedevocion* ay hindi nanatiling isang instrumento lamang ng pagpapalaganap ng

Mariam Genitricem tuam, Mater Luminis apellari voluisti: concede propitius, ut ejus intercessione ad te Lucem inaccessibilem prevernire valeamus, qui vivis, et regnas, etc. Amen.” Tingnan San Juan, *Pagdedevocion*, 57.

pananampalataya. Bagkus, naging paraan ito ng pagpapahayag ng pananaw sa sariling katayuan at sa madamdaming pakikipag-ugnayan sa Diyos. Gayundin, ang mga panalanging makikita sa bawat pahina ng aklat dasalan ay hindi nanatiling mga inilimbag na titik kundi pagsasawika ng mga banal na hangarin, mga pangarap, at mga pagpupunyagi ng isang ma*nanampalataya*ng Pilipino. Sa madaling sabi, matatagpuan sa Pagdedevocion ang isang uri ng pagpapahayag ng konkretong karanasan at paghahangad sa pagbibiyaya ng Diyos.

Konklusyon

Ayon kay Bernard Lonergan, namamagitan ang teolohiya sa pagitan ng iba't-ibang ugnayang pangkultura (*cultural matrix)* at ng gampanin at kahulugan ng relihiyon sa ugnayang iyon.[58] Ang pagteteolohiya kung gayon, ay walang iba kundi ang pag- unawa ng pananampalataya sa bawat patak ng panahon sa kasaysayan at sa iba't ibang kultural na kalagayan. Ito, sa ganang atin, ang natuklasan natin sa pagsisiyasat na ating isinagawa.

Sinikap nating unawain kung paanong pinanindigan at ipinahayag ng mananampalataya sa isang partikular na kontekstong pangkasaysayan ang kanyang pananalig sa harap ng mga humahamon dito. Nahinuha natin na ang *Pagdedevocion* ay maaaring may layuning higit na malalim kaysa sa pagsasalaysay ng mahimalang kuwento at kagalingang naidudulot nito. Una, nakita natin kung paaanong inihabi sa mga panalangin ang isang buong proseso ng paggalaw ng Diyos sa buhay ng tao—isang prosesong nagdadala sa tao sa isang makabuluhan at ganap na pamumuhay kasama

58 Tingnan Bernard Lonergan, Method in Theology (London: Darton, Longman & Todd, 1971), xi.

https://publications.lst.edu/

Niya. Pinaninindigan nito sa harap ng mga tumutuligsa na masasandigan (*credible*), may katuwiran (*reasonable*) at may kabuluhan sa partikular na sitwasyon sa buhay (*contextual*) ang pananampalataya. Pangalawa, natagpuan natin kung paanong para sa atin si Maria ay naging Ina ng Kaliwanagan, sa madaling sabi ay Ina natin sa pagbibiyaya. Hindi ito dahil nanggagaling sa kanya ang biyaya kundi dahil siya ang pangunahing huwaran ng tunay na pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa Diyos. Pangatlo, nakita rin natin kung paanong isinasalin at pinatatatag ng *Pagdedevocion* sa mga mananampalataya, sa tradisyong *lex orandi lex credendi*, ang buong pananalig ng Simbahan sa pakikipag-ugnayan at pagkilos ng Diyos sa buhay ng tao.

Tulad ng binanggit natin sa simula, ang pangunahing inaasahan sa isang debosyong popular ay ang maisalin ang pananampalataya at maging bahagi ito ng pang araw-araw na buhay ng mga mananamapalataya. Subalit sa kontekstong ating siniyasat, masasabi nating gumagana ang isang uri ng pagteteolohiya na sinala ng "karaniwan at personal na karanasan, kultura at mga pagpapahalaga ng Pilipinong Katoliko."[59]

59 KPK 13.

Apendiks 1:
Ikonografia ng *Cabanal-Banalang Ina ng Caliuanagan*[60]



Larawan 1. Larawang ipinalimbag noong 1801. Mababasa sa ilalim ng larawan ang ganito:

60 Michael delos Reyes, "Devotion to our Lady of Light," nasa *Our Lady of Light* (Rizal: Our Lady of Light Parish, 2007), 30-32.

https://publications.lst.edu/

"Tunay na larawan ng Ating Ina Reyna ng Sansinukob Mariang Kabanalbanalang Ina ng Kaliwanagan, na pinipintakasi sa simbahan ng Cainta sa sarili niyang kapilya, ipinagawa at tinustusan ng ilang mga deboto ng dakilang Señora na ito, taong 1801."



Larawan 2. Larawang ipininta ni Fernando Amorsolo na makikita sa Simbahan ng Cainta sa kasalukuyan.

Apendiks 2:
Dalit sa *Cabanal-Banalang Ina ng Caliuanagan*

Matapos ang pangwakas na panalangin, mababasa sa *Pagdedevocion* ang tagubilin na isunod ang *dalit*. Ito ay karagdagang apat na pahina ng patulang panalangin na tila paglalagom ng mga panalangin at petisyon na matatagpuan sa aklat-dasalan.Sinipi natin sa ibaba ang unang limang talud-tod ng dalit. Sa siping ito, makikita ang kalagayan ng tao sa "*lupang ibabao na puno ng cadiliman*." Ipinahahayag din rito ang pangangailangan niya ng tulong na lampas sa kanyang likas na kakayahan.

> Caming manga naglalakbay dito sa lupang ibabao na puno ng cadiliman anong aming casasapitan cundi pauang casalanan
>
> Dili sucat na malirip ang dilang dusa't panganib at mga dalita't saquit sa bayang cahapis-hapis Icao nga ang caaliuan sa capighatia't lumbay
>
> Hindi naman lumilicat ang caauay naming sucab nang cami'y mapahamac na sa sala'y mahicayat at canyang dinidimlan ang bait nami't calooban
>
> Mundo naman ay gayundin na magdaraya't sinungalin inihahandog sa amin ang sandaling pag-aaliw nguni at mapapalitan nang dusang walang hanggan
>
> At ang sariling catauan ay mabangis na caauay na ang quinahihiligan mga lugod na mahalay, ayao na mahihirapa't ibig ay caguinhauahan
>
> Caya cailangan namin ang lingap mo, Inang Virgen, nang houag caming masupil sa pagbacang walang tiguil nang tatlo namin caauay, bagcus pa nga'y magtagumpay ...

https://publications.lst.edu/